# Magpasuri ng maaga kung pinaghihinalaan na may **tuberculosis** dala ng matagalan na ubo

Sa isang taon (taong 2024) ang bagong nakarehistrong pasyente na may TB

**10,051** na katao

bilang ng namatay (tinatayang)

**1,461** na katao

## Iwasan

### Impeksyon sa sistema ng respiratoryo

Ang pangunahing kontrol sa impeksyon na epektibo ay bentilasyon, paghugas ng kamay, disinpeksyon ng kamay at iba pa. Gayundin ang pagsuot ng mask ay epektibo sa pag-iwas sa impeksyon.

## Maagang pagtuklas

### tuberkulosis

Kung mahigit dalawang linggo ng nagpapatuloy ang ubo o plema,o kung patuloy ang sinat at pagkatamlay ng katawan,magpatingin na tayo ng maaga sa medikal na institusyon.

## Para maiwasan

ang impeksyon sa mga respiratory organs gawing ugali ang paghugas ng mga kamay at pagsuot ng mask

Trangkaso

COVID-19

Bacterial pneumonia

at iba pa

ORGANIZER MHLW Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

SUPPORT CAICM Cabinet Agency for Infectious Disease Crisis Management

MEXT Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology-Japan

The Ministry of Health, Labour and Welfare's website about tuberculosis

# Q & A tungkol sa tuberkulosis (TB) at mga impeksyon sa sistema ng respiratoryo

Tuberkulosis

## Q1 Paano nakakahawa ang tuberkulosis?

Kapag ang isang tao na may progresibong tuberkulosis ay umubo at bumahing, ang mga patak mula dito na naglalaman ng mikrobyo ng tuberkulosis ay kumakalat sa hangin. Kapag ito ay nalanghap ng mga tao sa paligid, ang impeksyon ay kakalat(airborne transmission).

Walang mga katangian ang sintomas na ubo, plema, sinat, matamlay ang katawan, at iba pa sa una. At dahil karamihan ay hindi halata sa umpisa, lalo na sa mga matatanda na, hindi nila namamalayan na ito ay progresibo na pala. Kung patuloy sa mahigit dalawang linggo ang ubo at plema, o kung patuloy ang sinat at matamlay ang katawan, magpatingin na tayo ng maaga sa medikal na institusyon.

## Q2 Ano ang dapat mo laging pag-ingatan?

Importante ang regular na health check-up na kasama ang x-ray sa dibdib. Kahit na magkaroon ka ng tuberculosis, kung matutuklasan ito ng maaga, hindi mo lamang maiiwasan ang paglala nito kundi maiiwasan rin ang pagkalat ng impeksyon sa iyong pamilya, kaibigan at iba pa.

## Q3 Ang tuberkulosis ba ay gagaling kapag ginamot?

Kadalasan ang tuberkulosis ay maaring gamutin sa pamamagitan ng pag-inom ng mga ilang klaseng anti-TB na gamot, mula anim hanggang siyam na buwan. Kung itinigil ang pag-inom ng gamot sa kalagitnaan ng pagamutan o di pag-inom ng gamot ayon sa itinuro ng doctor, ang mikrobyo ng tuberkulosis ay magkakaroon ng resistansya sa gamot, at may posibilidad na ang gamot ay di na tatalab. Sundin ang tagubilin ng inyong doktor, ang pinaka importante ay ang patuloy na pag-inom ng gamot sa itinakdang panahon.

Impeksyon sa sistema ng respiratoryo

## Q4 Anong mga uri ng impeksyon sa sistema ng respiratoryo ang mayroon?

Meron COVID-19, napapanahon na trangkaso, RS virus infection at Bacterial pneumonia. Karamihan ito ay kumakalat dahil sa paglanghap ng tilamsik na lumipad mula sa pag-ubo at pagbahing.

## Q5 Paano maiiwasan ang impeksyon sa sistema ng respiratoryo?

Ang pangunahing paraan sa pag-iwas ng impeksyon sa sistema ng respiratoryo ay ang"paghugas ng kamay"at "etiquette sa pag-ubo kasama ang pagsuot ng mask". Maghugas ng kamay palagi, lalo na pagkauwi ng bahay, bago at pagkatapos ng pagluto, bago kumain at iba pa.

At upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, kapag uubo o babahing, takpan natin ang ating ilong at bibig sa pamamagitan ng mask, tisyu, panyo o manggas ng damit.

Tungkol naman sa mga bakuna ng COVID-19, napapanahon trangkaso, impeksyon sa pneumococcal, meron ginaganap na regular na bakuna para sa mga matatanda at sa mga taong may sakit na ginagamot. Para sa detalye, magtanong sa health department ng inyong munisipalidad.

ORGANIZER MHLW Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

SUPPORT CAICM Cabinet Agency for Infectious Disease Crisis Management  MEXT Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology-Japan

The Ministry of Health, Labour and Welfare's website about tuberculosis